CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Oktubre 6, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Nag-isyu ng Patnubay ang Lungsod ng Long Beach sa Pagdiriwang ng Ligtas na Halloween

Hinihikayat ng Lungsod ang mga Residente na Tumuklas ng Mga Bagong "Spooktacularly Safe" na Mga Paraan upang Magdiwang sa Panahon ng Pandemya

Habang nagsisimula ang mga residente na magplano para sa paparating na kapaskuhan na nagsisimula sa Halloween, ang Lungsod ay nagbibigay ng patnubay para sa ligtas na pagdiriwang, kasama ang mas ligtas na mga alternatibo na nagpo-promote pa rin ng isang maligayang na kapaligiran sa gitna ng COVID-19 pandemya.

Ang mga aktibidad sa Halloween na pinapayagan, na sumusunod sa Masligtas sa Tahanan na Utos ng Lungsod at mga kaugnay na protokol, ay kinabibilangan ng:

- Mga online na pagdiriwang/patimpalak (hal. kasuotan o pag-uukit ng kalabasa).
- Mga parada ng kotse, tulad ng mga drive-by na kaganapan o paligsahan.
- Mga gabi ng pelikula sa Halloween at drive-in na sinehan.
- Mga Halloween na tema na pagkain at mga panlabas na restawran.
- Mga Halloween na tema ng mga pag-install ng sining sa panlabas na museo.
- Pagbibihis ng mga bahay at mga bakuran ng mga dekorasyon na may temang Halloween.

Mga aktibidad sa Halloween na hindi pinahihintulutan ay kinabibilangan ng:

- Mga pagtitipon sa Halloween, mga kaganapan o pagdiriwang na kasama ang mga hindi miyembro ng tahanan, kahit na isinasagawa sa labas.

- Mga karnabal, pista, live na aliwan at mga atraksyon sa pinagmumultuhang bahay.

Dapat ding iwasan ang pinto-sa-pinto na trick-or-treating sapagkat mahirap mapanatili ang wastong pisikal na pag distansya, matiyak na ang bawat isa ay nakasuot ng panakip ng mukha upang maiwasan ang pagkalat ng sakit at dahil hindi inirerekomenda ang pagbabahagi ng pagkain. Ang “Trunk-or-treating,” kung saan ang mga bata ay maaaring pumunta mula kotse-sa-kotse sa halip ng pinto-sa-pinto upang makatanggap ng mga kendi, ay hindi rin inirerekomenda dahil maaaring maging mahirap maiwasan ang pagsisiksik at pagbabahagi ng pagkain.

Mahalaga rin na tandaan ang mga sumusunod na pag-iingat kapag ipinagdiriwang ang Halloween at iba pang paparating na piyesta opisyal:

- Laging magsuot ng panakip ng mukha kapag nasa labas at kung nasa paligid ng iba na hindi parte ng iyong sambahayan.
- Iwasan ang masisikip na espasyo. Aktibong lumayo mula sa mga panloob na espasyo na hindi sumusuporta sa madaling pagdidistansya ng hindi bababa sa anim na talampakan.
- Iwasan ang malapit na pakikipag-ugnayan sa iba. Manatili ng hindi bababa sa anim na talampakan na distansya mula sa ibang tao na hindi parte ng iyong sariling sambahayan, lalo na kapag nagsasalita, kumakain, umiinom at kumakanta.
- Madalas na hugasan at disimpektahin ang iyong mga kamay.
- Regular na linisin ang mga madalas na hawakan na mga bagay.
- Kung ikaw ay may sakit, o kung nakipag-kontak sa isang tao na may sakit sa COVID-19 o may mga sintomas ng COVID-19, manatili sa bahay at lumayo sa iba.

Pinapaalalahanan ng Lungsod ang mga residente ng mga tip sa kaligtasan mula sa sunog sa Halloween, kabilang ang paggamit ng mga kandilang pinapatakbo ng baterya o mga glow stick sa jack-o-lantern at pagpapanatili ng mga exit at ruta sa pagtakas nang walang mga dekorasyon. Ito rin ay isang tamang oras upang matiyak na ang lahat ng mga alarma sa usok sa mga bahay ay gumagana.

Sa panahon ng kapaskuhan, lalong mahalaga na tandaan ang kahalagahan ng hindi pagmamaneho sa ilalim ng impluwensya. Tandaan na ang pagmamaneho sa ilalim ng

impluwensya ay higit pa sa pagmamaneho ng lasing: kasama dito ang marijuana at ilang mga reseta at over-the-counter na gamot, bilang karagdagan sa alkohol at iligal na droga. Hinihimok din ng Lungsod ang mga drayber na magplano ng mga ruta nang maaga at iwasan mag-text o ang paggamit ng telepono habang nagmamaneho.

Tingnan ang karagdagang patnubay para sa ligtas na pagdiriwang ng Halloween, at sumali sa talakayan online gamit ang #CelebrateSafelyLB.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

Mga katanungan sa media ay maaaring idirekta sa Sentro ng Pinagsamang Impormasyon sa 562.570.NEWS o jic@longbeach.gov.

###